KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan
TOMO 45 BILANG 2 BASAHIN AT TALAKAYIN PEBRERO 2025

EDITORYAL

# Iwaksi ang teror at buong loob na labanan ang pasistang estado!

Sa kalikasan, umiiral ang takot bilang pantulong sa hayop na umiwas sa panganib at ipreserba ang sarili. Kadalasan, itinutulak ng takot ang hayop na magkubli o lumikas upang mabuhay. Ito ang kaayusan sa kalikasan, subalit sa lipunang may uri, ano ang lugar ng takot sa harap ng isang halimaw na estado?

Takot ang ikinikintal ng malakolonyal at malapyudal na estado sa Pilipinas sa isip ng mamamayan upang puksain ang kanilang diwang lumaban at maghangad ng tunay na pagbabagong panlipunan. Malupit at walang habas nitong sinusupil ang anuman o sinumang may disgusto sa mapang-api at mapagsamantalang sistema. Kahit katiting na pagtutol sa mga pahirap na patakaran o simpleng pagpuna sa mga nasa kapangyarihan ay susuklian ng mabibigat at mapamwersang hakbangin. Sa mga lugar na target ng pandarambong at pang-aagaw ng lupa, todo-larga ang militarisasyon at pang-aabuso sa karapatan. Palasak na ginagamit ang dahilang panunugis sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) kaya nanghahalihaw at naninibasib sa kanayunan. Habang nalulunod sa kumunoy ng kahirapan ay hinahagupit ng tinikang latigo ng estado ang mamamayan upang pigilang makaahon mula sa lusak.

Sang-ayon sa turo at tulak ng imperyalismong US ang paghahasik ng estado ng takot, o mas eksaktong tawaging teror. Pinagkukumbina nito ang pisikal na karahasan at saywar, at kinakasangkapan ang lahat ng galamay ng gubyerno, kahit mga sibilyang ahensya na 'di dapat pumailalim sa militar. Ang sistematikong paggamit ng karahasan ng naghaharing uri sa pamamagitan ng estado upang payukurin at ipataw ang kanilang kapangyarihan sa mamamayan ay walang iba kundi terorismo ng estado.

Matagal nang ganito ang kalakaran subalit lumubha at naging



# KALATAS

Pebrero 2025
TOMO 45 BILANG 2


*NILALAMAN*


1 *Iwaksi ang teror at buong loob na labanan ang pasistang estado!*

3 *Serye: Kampanyang coco-levy, nagpalawak sa base at nagpalakas sa anti-pasistang paglaban noong dekada '80*

4 *Ayon kay Ka Joma*

4 *Pahayag: Ang Kabuluhan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 sa Kasalukuyang Kilusang Pagwawasto*

7 *Tuluy-tuloy na palakasin ang mga pakikibakang bayan para patalsikin si Sara, papanagutin si Digong at singilin si Marcos!*

8 *Tugon ni PdG: Paano dapat suriin ang paparating na Midterm Elections 2025?*

11 *Balitang TO: 19 kaswalti sa AFP sa anim na labanan sa Rizal at Mindoro*

11 *"Isabuhay ang diwa ng EDSA People Power!"*

12 *Pakikiisa ng mamamayan ng TK sa panawagang "Duterte, Panagutin! Marcos, Singilin!"*

13 *Fact-finding mission sa Mindoro, tagumpay sa gitna ng militarisasyon*

14 *Poster: Opensiba sa kultura*



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*



dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social


mas garapalan ito sa ilalim ng diktaduryang US-Marcos I at ng huling magkakasunod na rehimen ng tiranong si Rodrigo Duterte at ni Ferdinand Marcos Jr. Parang asong ulol ang AFP-PNP na nananalasa sa mga pamayanan habang iniuumang ang pasistang batas na Anti-Terrorism Law laban sa sinumang pinagdududahan na lumalaban sa estado. Libu-libo ang mga kaso habang aabot sa daang-libo ang mga biktima ng paglabag sa karapatang tao sa loob pa lamang ng halos tatlong taon ni Marcos Jr. Kabilang dito ang malalagim na pagpatay sa mga sibilyan pati mga bata, iligal na pag-aresto at pagdetine, pagdukot, sapilitang pagwawala at mga paglabag na bahagi na ng mga operasyong militar tulad ng paninira sa ari-arian at pananim, pagsasamantala sa mga kababaihan, pambobomba, sapilitang pagpapalikas at paghamlet sa buu-buong komunidad, at paghimpil sa mga pasilidad pampubliko.

Mabagsik ang pang-aatake sa mga hayagang nakikibaka, lalo sa mga magsasaka, manggagawa, katutubo, tagapagtanggol ng karapatang tao, mga organisador ng mga maralita, guro, abogado, kabataan, taong simbahan at iba pang progresibong pwersa. Sa mga lungsod, nagkalat ang mga pwersang paniktik na nagmamanman at nang-iintimida sa mamamayan. Kaliwa't kanan ang *red-tagging* at pagpapalubha ng klima ng impyunidad na nagsasapanganib sa mga aktibista't progresibo.

Dahil hayok at praning ang estado, wala itong pinaliligtas at hindi pinag-iiba ang armado sa di-armado. Sa kanayunan sa TK, bukambibig ng militar ang ATL sa mga papulong sa baryo. Ginagamit ito upang ipilit ang mga perwisyong patakaran gaya ng *curfew*, paglilimita sa oras ng trabaho sa sakahan, pagtatakda ng dami ng pagkain na pwedeng bilhin, pagkontrol sa kilos ng mga taumbaryo at pamimilit na tanggapin at iakomoda ang mga sundalo. Hindi nakapagtatakang balisa ang mga sibilyan sa tuwing may presensya ng militar.

Ipinapakete ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II ang de facto na batas militar bilang pagkakamit umano ng "kapayapaan". Anito, nanyutralisa na ang mga kalaban ng estado! Hinahamak ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at nagpapakanang bitagin sa pagsuko ng armas ang BHB alinman sa pamamagitan ng panlilinlang sa *peace talks* o sa mga lokal na programang balik-loob. Sa balangkas ng palabas na ito, minamaliiit ang mga pampulitikang pagkilos ng masa at isinasantabi ang mga lehitimong demanda ng bayan.

Nagawa nga bang salikupin ng teror ang bawat sulok ng bansa at damdamin ng mamamayan? Tulad ng mga hayop na umiiwas sa mababangis na maninila, umatras na nga ba ang mamamayan sa pakikibaka laban sa estadong nagpapahirap sa kanila?

Hindi! Hindi iginupo, at kailanman ay hindi kayang igupo ng teror ang mamamayan. Habang tumitindi ang pamamasista ng estado, lalong nag-iibayo ang poot sa dibdib ng sambayanan. Mababalikan sa kasaysayan ang paglaban sa mga makahayop na pasista at kolonyalista. Panahon ni Andres Bonifacio at digmaang Pilipino-Amerikano, buong giting na naghimagsik ang mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop na may mga abanteng baril, sasakyan at iba pang kagamitang pandigma. Pambihirang kabayanihan din ang ipinamalas sa pakikidigma ng mga gerilyang kasapi ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon sa mga berdugong mananakop na Hapones. Dehado man sa bilang at armas, taglay ng mga Pilipino ang nagliliyab na determinasyon at kahandaang mag-alay ng buhay.

Pilit binubura ng *historical revisionism* ng mga Marcos ngunit nananatiling buhay sa alaala ng bayan ang maalab na pakikibaka laban sa diktadura ng matandang Marcos. Ibayong tumapang ang mamamayan matapos ipataw ang Batas Militar. Hindi napaatras ng mga haragang Philippine Constabulary ang mga protesta sa lansangan. Dumaluyong ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan at kababaihan tungong mga sonang gerilya at magiting na lumaban sa mga yunit ng militar at Civilian Home Defense Force. Marami sa kanila'y biktima ng pandarahas ng diktadura kaya mabilis na namulat sa pangangailangan para sa armadong pakikibaka.

Pinatunayan ng kasaysayang kayang lampasan ng tao ang takot at umugit ng dakilang kasaysayan ng paglaban. Kahit sa kasalukuyan, pumuputok ang mga laban ng masa para sa kanilang karapatan sa lupa, sahod, trabaho at karapatan sa gitna ng pasistang paninibasib ng NTF-ELCAC. Mayroong mga welga sa pagawaan at kampuhan para labanan ang pangangamkam ng lupa. Hindi mapatahimik ang mga protestang humihingi ng katarungan, panlipunang hustisya at nagtatakwil sa pangyuyurak sa bansa ng mga imperyalista.

Pinakamalaking patunay ng katapangan ang nagpapatuloy at di matalo-talong armadong rebolusyon na pinamumunuan ng PKP-BHB-NDFP. Higit lima't kalahating dekada nang binibigo ng mga rebolusyonaryong pwersa at Pulang hukbo ang mga kontra-rebolusyonaryong kampanyang ipinatupad ng kaaway na estado at imperyalismong US. Sa pagpasok ng 2025, pinawalang-saysay na naman ang *deadline* na itinakda ng reaksyunaryong gubyerno sa rebolusyonaryong kilusan.

Malaki pa ang kahingiang pabulasin ang mga pakikibaka at muling ibangon ang kilusang masa mula sa kasalukuyang antas nito. Ito lamang ang daan upang kamtin ang mga demanda sa kabuhayan at karapatan at mabuo ang solidong lakas ng rebolusyon. Para magawa ito, dapat igpawan ang mga kakapusan at kahinaan sa malawakang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan. Nananawagan ang PKP ng kilusang pagwawasto upang bunutin ang mga petiburges na suhetibistang kaisipan kabilang ang labis na hangaring ipreserba ang sarili na siyang nag-uudyok sa konserbatismo at sa pinakamalala, kaisipang palasuko.

Hinahamon ang bawat rebolusyonaryo na iwaksi ang teror sa kanyang isip at buong pusong yakapin ang mga sakripisyo't kahirapan sa pakikibaka. Pandayin ang tunay na lakas at katapangan na nagmumula sa dalisay na hangaring palayain ang bayan mula sa kuko ng mga mapanibasib at mapagsamantala. Kailangang puspusang magwasto at magsikhay upang muling marinig ang malalakas na dagundong ng mga pakikibakang masa at ang matataginting na putok ng mga taktikal na opensibang naniningil sa mga mapagsamantala, pahirap at pasista.

*SERYE*





# Kampanyang *coco-levy,* nagpalawak ng base at nagpalakas ng anti-pasistang laban noong dekada '80

Noong Pebrero 1983, isinagawa ng diktadurang US-Marcos I ang malawakang pang-aaresto at panghaharas sa mga ligal na samahang masa sa Timog Katagalugan. Halos kasisimula pa lamang ng mga itong iputok ang kampanyang anti-militarisasyon buhat nang ipatupad ang Oplan Cadena de Amor ng diktadura noong 1982.

Sa kabila nito, hindi nagpapigil ang mamamayan. Sa pamamagitan ng kampanyang pagtutol sa *coco levy,* naorganisa ang maraming magsasaka sa Quezon, Laguna at Batangas at napasigla ang mga pagkilos. Bukod sa kampanya laban sa *coco levy,* itinambol nila ang panawagan sa pagpapatigil ng militarisasyon sa kanayunan. Dahil sa lakas na inabot ng kampanya, nakiisa maging ang mga karibal ni Marcos sa negosyo sa niyog at pati mga reaksyunaryong pulitiko na tumutunggali kay Marcos.

Nakamit na tagumpay ng mamamayan ang pag-aalis ng *coco levy.* Malaki ang ambag dito ng mamamayan ng TK na nagsulong ng lakas mula sa katimugan ng Luzon hanggang sa NCR at hilaga. Pinakamalaking tagumpay sa kampanyang *coco levy* ang paglawak ng organisasyon ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid at paglambot ng lupa para sa pagtatayo ng mga sonang gerilya sa Sierra Madre.




“Ang mga kadre sa larangan ng kultura ay tulad ng mga kumander na namumuno sa mga batalyong pangkultura—ang masa na libu-libo, sampu-sampung libo at milyun-milyon ang dami... Kung tunay na naglilingkod sa sambayanan ang ating gawaing pangkultura, tiyak na ang ating mga mambabasa't tagasubaybay ay napupukaw at nagiging isang napakalakas na pwersa para sa rebolusyon.”

*-Hinggil sa mga tungkulin ng mga kadre sa larangan ng kultura*
*Binigkas sa unang pambansang kongreso ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA)*
*Gonzales Hall, University of the Philippines, Quezon City*
*December 18-19, 1971*

*PAHAYAG*

# Ang Kabuluhan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 sa Kasalukuyang Kilusang Pagwawasto

Mahalagang unawain kung papaanong nabuo at nagkahugis ang Sigwa sa gitna ng pagdaluyong ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa daigdig at tumatalas na mga panloob na kontradiksyon sa bansa. Ito ang panahong nasa pangkalahatang taeb ang rebolusyonaryong kilusang masa at kung saan ang pangkaraniwang hugis at anyo sa ating taktika ay kaagad naisasalin sa mga hayag na opensibang aksyong pampulitika at *exponential* na paglawak ng organisado't hayag na mga organisasyon ng mamamayan.

Ang mga pamamaraan, kondukta, layunin at taktika ng mga hayag at lihim na anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka ay kailangang iakma sa bawat pagtaeb at paghibas ng rebolusyonaryong kilusan. Kung hindi malalim na uunawain ito, hindi tayo magtatagumpay na tuloy-tuloy na hawakan ang inisyatiba sa pulitika sa pagsusulong ng ligal at hayag na demokratikong kilusan sa kalunsuran at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Nasa panahon tayo na ang pandaigdigang kilusang komunista ay nasa estratehikong pag-atras at dumanas ng pagkatalo bunga ng rebisyunistang pagtataksil ng bagong burgesyang umusbong sa loob ng mga partido komunista at estadong Sobyet. Kaagad pagkamatay ni Stalin noong 1953, nagsagawa ng kudeta ang pangkating Khruschov sa estado ng Unyon Sobyet noong 1956. Hudyat ito ng paghubad ng maskara ng mga rebisyunista na matagal nang nagtatago sa loob ng mga naghaharing partido komunista at sinasabotahe upang mauk-ok ang diktadura ng proletaryado at mga naghaharing rehimen sa mga bansa sa silangang Europa. Sa China, matapos pumanaw ang dakilang Mao Zedong noong 1976, inagaw ng pangkating Deng Xiaoping ang kapangyarihan sa partido komunista at estado sa China.

Mabibigat ang hamong haharapin ng mga komunista at rebolusyonaryong Pilipino sa panibagong pagpapalakas habang pinupuspos ang kilusang pagwawasto at habang nasa estratehikong pag-iipon ng lakas ang mga proletaryong rebolusyonaryong partido at kilusan sa iba't ibang panig ng mundo.

Kaisa at estratehikong reserba ng rebolusyong Pilipino ang nagpapanibagong siglang mga anti-imperyalistang organisasyon at kilusan sa mga bansa sa kontinenteng Europa, hilaga at Latin Amerika, Asya, Aprika, at Australia. Nasa unahan ng panibagong rebolusyonaryong pagbangon ang mga Partido Komunista at kilusan na nagsusulong ng armado at ibang anyo ng pakikibaka para sa sariling pagpapasya at pagpapalaya mula sa imperyalismo at mga labi ng kolonyalismo.

Makikinabang ang rebolusyong Pilipino sa bawat positibong pagsulong ng internasyunal na kilusang proletaryo at anti-imperyalista.

Sa kabilang banda, sa harap ng mga pinsala, paghina, pagkawala ng inisyatiba at pag-atras sa maraming bahagi, kailangang iakma ng kilusan ang mga pamamaraan, taktika at kondukta sa kundisyon ng relatibong paghibas para muling magbuo ng lakas, magpalawak at mag-ipon ng pampulitikang momentum. Kailangang magpunyagi itong buuin ang lakas sa pulitika at organisasyon sa pinakamaraming bilang ng mga pabrika, paaralan, komunidad ng mga maralita at baryong magsasaka sa mahaba-habang panahon hanggang makapag-ipon ito ng sapat

na kritikal na lakas na magsusustine ng *momentum* ng papalaking mga aksyon at pagkilos ng puu-puo at daan-daang libo hanggang ilang milyon sa kaigtingan.

Pinakamainam ang panloob na sitwasyon ngayon sa bansa at ng mabilis na tumatalas na mga kontradiksyon sa hanay ng mga nagbabanggaang paksyon ng naghaharing-uri sa Pilipinas upang panibagong magpalakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Kaugnay nito, kailangang mahigpit na hawakan ang mga aral, karanasan at pamamaraang itinuro ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 sa pagtupad sa mga tungkulin ng kilusang pagwawasto.

Una, kailangang muling likhain ang masiglang rebolusyong pangkultura sa mga kolehiyo't unibersidad, pabrika, komunidad at baryo upang malakas na itambol sa popular na kamalayan ang simulain ng pambansang demokrasya at diwang makabayan sa masang Pilipino. Kailangang malikha ng kilusang ito ang isang progresibo at rebolusyonaryong kontra-agos sa dominanteng burges, pyudal at reaksyunaryong kultura na ipinalalaganap ng mga naghaharing-uri.

Alinsunod dito, kailangang isulong ang masiglang kilusan sa pag-aaral ng mga akda ni JMS at mga talakayan sa pulitika't lipunan upang buhayin ang interes sa pag-aaral at pananaliksik sa teorya ng MLM. Ilunsad ang masiglang pagtatagisan ng mga idea at pakikibaka sa lahat ng anyo ng petiburges na liberalismo, suhetibismo at indibidwalismo upang iwaksi ang di malusog na impluwensya nito na nagdidisoryenta't nagdidisorganisa sa mga kabataan resulta ng neoliberal na atake sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Dapat na paunlarin ang iba't ibang anyo ng sining at panitikan na nagtatampok sa karanasan at pakikibaka ng masa para sa kanilang saligang interes at adhikain. Dalhin at palaganapin ang mga ito mula sa mga paaralan tungo sa mga komunidad ng mga maralita, pabrika at baryo upang pukawin ang patriyotismo at diwang palaban ng masa.

Gamitin ang bawat nabuksang demokratikong ispasyo habang nagmamatyag sa pasistang atake upang sinsinin ang gawaing propaganda, ahitasyon at edukasyon sa pinakamalawak na bilang tulad sa mga porum, simposyum, publikong pagtitipon, kulturang pagtatanghal, *film showing,* rali-demonstrasyon at mga katulad. Itransporma nating isang paaralang bayan ang bawat pagtitipong ito upang patuloy na lumawak ang kilusan.

Ugaliin na sa bawat aktibidad at pagkilos ng masa ay natatasa't nalalagom sa mga lumahok ang kanilang karanasan at naibabalik ito sa kanila sa maiksing sumada para patingkarin ang mga tagumpay at linangin sa masa ang pagtitiwala sa sariling lakas at ikintal na sa kanilang sama-samang pagkilos lamang nagkakaroon sila ng tunay na lakas sa pulitika.

Pangalawa, kailangang ipadala at magtalaga ng pinakamaraming tim ng mga organisador sa paparaming bilang ng mga pabrika, komunidad ng mga maralita, paaralan, baryong magsasaka at kung nasaan may malaking konsentrasyon ng populasyon upang mabilis na buuin at palawakin ang organisadong baseng masa sa kalunsuran at kanayunan. Kailangang isailalim sa pampulitikang pagsasanay at ikalat sa maraming lokalidad ang mga lumilitaw na aktibistang propagandista-organisador para magsagawa ng gawaing masa at dapat silang hikayating mag-organisa sa sari-sariling pinagmulang lugar.

Dapat na buuin ang pinakamaraming sirkulo ng pag-aaral at talakayan sa maiinit na usaping panlipunan upang imulat ang pinakamalawak na bilang ng masang target na organisahin. Maitatransporma ang mga sirkulong ito bilang mga epektibong daluyan sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Sa mga sirkulong ito lilitaw ang bag-as ng mga potensyal na lider ng masa at mga aktibistang organisador na may kakayahang pamunuan ang mga nakatayo at itatayong mga organisasyon ng mamamayan.

Lilitaw at mabubuo din sa mga sirkulong ito ang mga grupo ng kilusang lihim na magiging matibay na gulugod ng ligal at hayag na demokratikong kilusan. Kailangang



*Barikada sa gate ng UPLB, dekada 1970*

tiyakin na laging may malinaw na plano ang mga bag-as ng pamunuan at mga komite sa ilalim nito gayundin ang mga grupong lihim kung papaano aanihin sa paglawak ng organisasyon at kilusan ang bawat gagawing pagpapakilos. Kung wala ang ganitong pagtanaw sa patutunguhan ng ating gawaing AOM[1], kikitid at tatamlay ang paglahok ng masa, mapupuro lang sa abanteng seksyon ang mapalalahok, at kalaunan magagasgas ang lakas nito.

Pangatlo, dapat na kumprehensibong buuin ang kilusang lihim sa kalunsuran. Hindi maisasantabi ang halaga at pangangailangan nito sa harap ng pag-iral ng pasismo at puting lagim. Magiging pipitsuging target ng mga ahenteng militar at death squads ng estado ang mga lider at kasapi ng mga hayag na organisasyong masa kung hindi bubuuin ang bag-as ng kilusang lihim sa loob nito.

Ang kilusang lihim ang garantiya na patuloy na makapagpupunyagi ang kilusan at hayag na demokratikong mga organisasyon sa kundisyon ng pinakamalupit na pasismo ng estado. Kung wala ang gulugod ng kilusang lihim, mapaparalisa at mapipipilan ng sindak ang mga organisasyong ito sa harap ng mapanupil na estado.

Matuto tayo sa leksyon ng Sigwa kung saan sinimulan lamang ihanda ang pagbubuo ng mga *network* ng kilusang lihim nang naging malinaw na ang banta ng pagsuspinde ng *writ of habeas corpus* at pagpataw ng Martial Law. Kaya maliit na bilang lamang ang organisadong naiatras at nasalo ng mga *network* na ito habang marami ang nagsasariling nagpulasan at naghanap ng makakanlungang mga kamag-anak at kaibigan sa probinsya habang higit na marami ang nahagip sa una at mga sumunod na *sweep* ng mga pag-aresto.

Kaugnay nito, dapat na labanan ang hila ng pagkampante at bulagsak na mga pamamaraan sa operasyon ng kilusang lihim. Dapat na istriktong ipatupad ang mga kaparaanan ng ligtas na pagkilos at pag-iingat sa moda ng operasyon lalo ang mga kumikilos nang hayag at ligal. Dapat na paunlarin ang ilang suson ng "bakod at tulay" para hindi tumawid ang sarbeylans ng kaaway sa kilusang lihim mula sa mga hayag na opisina at mga *fixed point* ng mahabang linya ng paniniktik at pagmamanman.

Pang-apat, sa panahon ng hibas, kailangang ituon ang lahat ng pagsisikap tungo sa lahatang-panig na pagpapalakas ng kilusan. Kailangang paunlarin ang iba't ibang tipo ng depensiba at opensibang aksyong pampulitika upang patuloy na hawakan ang inisyatiba sa bawat pakikipagtuos sa mga kaaway-sa-uri. Kung makitid at hindi konsolidado sa pulitika ang organisadong baseng masa, hindi natin masusustine ang papalaking mga pagkilos at protestang masa. Bulnerable din itong hatiin, lituhin at pahinain ang kapasyahan ng mga pang-iintriga at say-ops ng kaaway.

Sa harap ng mga pag-atake, mahalagang buuin at paunlarin ng masa ang mga depensibong anyo ng organisasyon at mga pamamaraan upang salagin ang ligal at pampulitikang opensiba ng kaaway. Dapat mulat na paunlarin at palawakin ang mga organisasyong nagkakaisang prente na magsisilbing kalasag laban sa bawat pag-atake ng estado sa mga samahan ng mamamayan. Kailangang buuin ang iba't ibang andana ng pormasyon nagkakaisang prente alinsunod sa batayang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, progresibong alyansa ng mga batayang pwersa at petiburgesya, patriyotikong alyansa ng mga progresibong pwersa at panggitnang burgesya, at temporaryong alyansa sa isang seksyon ng mga reaksyunaryo laban sa pinakasagadsaring kaaway ng mamamayan.

At panghuli, kailangang palakasin ang gawain sa mga teritoryo sa antas ng mga probinsya, distrito, mayor na mga syudad at kabisera. Dapat na buuin at palakasin ang mga komite sa teritoryo upang maging epektibong sentro ng kumprehensibong pamumuno sa pampulitikang kilusan sa kani-kanilang saklaw.

Ang kilusan sa mga teritoryo ang magsisilbing maskulo ng mga sektoral at multisektoral na kampanyang masa sa antas rehiyon at pambansa. Magsisilbi itong malalakas na sentro ng pamumuno para tiyakin na tuloy-tuloy na lumalawak at papalaki ang nailalabas sa mga pagkilos sa lansangan kaalinsabay ng lumalalim na kilusang lihim.

Kaugnay nito, kailangan mulat na magsanay ng pinakamaraming may kakayahang kadre para italaga sa gawain sa mga teritoryo. Kailangang planuhin ng mga sektoral na organisasyon at kilusan na magpadala ng dagdag na tauhan para sa gawaing teritoryal. Kailangang mapangahas na magsanay ng bagong mga pwersa para sa bagong mga tungkulin. Ang panuntunan natin sa pagtatalaga ng mga kadre ay paramihin ang bilang ng tuwirang nag-aasikaso ng mga rebolusyonaryong gawain sa batayang antas.

Sa masigasig na pagtupad sa mga tungkulin sa itaas at mahigpit na pagkakatuto sa mga gintong pamana ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, likhain natin ang panibagong Sigwa ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan kaalinsabay ng pagsigla ng armadong pakikibaka sa buong kapuluan.

Puspusin ang kumprehensibong Kilusang Pagwawasto!

Palakasin ang Partido at BHB at dalhin sa panibagong antas ang digmang bayan sa Pilipinas!

Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

*Ikalawang bahagi ng pahayag ni Ka Reden noong Enero 26, 2025 na Panatilihing Buhay at Nag-aalab ang Diwa ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 at Likhain ang Panibagong Sigwa!, lumabas sa Kalatas Enero 2025.* K

---

*1 AOM - arouse, organize, mobilize (pagmumulat, pag-oorganisa, pagpapakilos)*

# Tuluy-tuloy na palakasin ang mga pakikibakang bayan para patalsikin si Sara, papanagutin si Digong at singilin si Marcos!

*Patnubay de Guia, Tagapagsalita, NDFP-ST*

Binabati ng NDFP-ST ang tuluy-tuloy na protestang bayan sa rehiyon at buong bansa upang ipanawagan ang pagpapatalsik kay Sara Duterte sa pagka-bise presidente. Libu-libong delegasyon ang nagtipon upang ipanawagan ang pagpapatalsik kay Sara, pagpapanagot kay Rodrigo Duterte at pagsingil kay Marcos sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nagresulta ito sa pagkakamit ng 215 boto sa Kamara pabor sa pagpapa-*impeach* kay Sara noong Pebrero 5. Sa harap ito ng pag-urong ni Marcos Jr. na patalsikin si Sara dahil "magdudulot ito ng krisis sa pulitika" at "hindi ito ang pangunahing usaping kinakaharap ng bayan".

Marapat ipabatid na ang desisyon ng Kamara ay resulta ng sunud-sunod na protestang bayan para patalsikin si Sara dahil sa kapabayaan at pangungurakot niya ng pondo noong nangangalihim pa ng Department of Education. Tampok sa kaso ang paggastos niya ng ₱11.4 milyong *confidential and intelligence fund* (CIF) kada araw sa loob lamang ng 11 araw. Matatandaang nakakuha ng 4 na *impeachment complaint* laban kay Sara mula sa mga taong simbahan, progresibong grupo, mga kritiko at oposisyon at makabayan at naliliwanagang lingkod bayan. Tagumpay itong nakamit sa gitna ng kaliwa't kanang pagmamaliit ng naghaharing uri sa kilusang masa at tigas-mukhang pagmamayabang ng mga Duterte sa kanilang kapangyarihan.

Pinatutunayan ng pagboto ng Kamara pabor sa *impeachment* ni Sara na hindi na magawang pagtakpan pa ng naghaharing estado ang disgusto ng bayan sa bise presidente. Sa kasagsagan ng kampanya para patalsikin si Sara noong Disyembre, lumabas sa konserbatibong sarbey na 47% ng taumbayan ay pumapabor sa pagpapatalsik kay Sara, 35% ang di pabor at 15% ang hindi pa makapagpasya. Hindi naloko ang taumbayan sa pakitang-taong *peace rally* ng Iglesia ni Cristo noong Enero na sinulsulan at pinondohan ng mga Duterte.



Ang pag-*impeach* ng Kamara kay Sara ay panibagong yugto ng lumalalang tunggalian sa kapangyarihan at kayamanan ng mga Marcos at Duterte. Iniangat na ang kasong *impeachment* sa Senado ngunit pinanindigan ni Senate President Escudero na simulan ang hearing sa Hunyo—sa panahong naganap na ang 2025 *midterm elections* at naipwesto na ang mga bagong-halal na senador. Sinadya ito ng pangkating Marcos upang buhusan ng malamig na tubig ang gumugulong na kilusang masa at tiyaking masolo ng mga Marcos ang kapangyarihan sa poder matapos ang eleksyon. Umiiwas ang mga Marcos na paypayan ang kumukulo nang sitwasyong pampulitika sa takot nilang maging solong target matapos na maibagsak ang mga Duterte.

Habang nagagahaman sa pwesto, hindi maikakaila ang pagtitiyak ng konsolidasyon sa kapangyarihan ng mga Marcos na tuluy-tuloy na nagsasagawa ng *"loyalty check"* sa mga pulitiko at AFP-PNP. Tuluy-tuloy rin ang pangangayupapa ni Marcos Jr. sa imperyalismong US para ganap na masolo ang kapangyarihan sa gitna ng labis na kahirapan ng bayan at nilulutong gera ng US laban sa China sa West Philippine Sea. Nakaririmarim ang patuloy na pagyukod ni Marcos sa US at sa bagong halal nitong presidente na si Donald Trump para makapagkapit-tuko sa poder.

Samantala, ang pagpapatalsik kay Sara ay hudyat lamang para tuluy-tuloy na isikad ang kampanya sa pagpapanagot kay Rodrigo at pagsingil kay Marcos Jr. sa kanilang mga krimen sa bayan. Inspirasyon at panimula ang nakamit na tagumpay sa Kamara na patalsikin si Sara upang patuloy na usigin si Rodrigo sa mga krimen sa sangkatauhan sa International Criminal Court pati sa Pilipinas, at sa higit na malalaking kaso ng korapsyon at pagdambong sa pondo ng bayan. Higit na palawakin ang hanay upang makalampag ang Senado sa solidong lakas ng bayan na nananawagan ng pagpapatalsik at pagpapanagot kay Sara.

Hindi dapat maglubay ang sambayanan para pagbayarin si Rodrigo sa kanyang mga krimen sa bayan tampok ang kanyang madugong Oplan Tokhang at kontra-rebolusyonaryong gera na kumitil ng puu-puong libong buhay. Sa Timog Katagalugan, hindi nakakalimutan ng mamamayan ang Bloody Sunday Massacre na pumatay sa siyam na aktibista at nang-aresto ng pitong iba pa; pambobomba sa mga komunidad; at pinaigting na militarisasyon sa kanayunan at kabayanan na nagresulta sa libu-libong kaso ng paglabag sa karapatang tao.

Silbing panimula ang tagumpay ng *impeachment* ni Sara sa Kamara upang singilin at papanagutin si Marcos Jr. sa higit na mas malaking pandarambong sa pondo ng bayan kaysa sa mga Duterte. Kung si Sara ay gumastos ng ₱11 milyon, si Marcos Jr. ay gumastos ng ₱12.5 milyon sa kanyang CIF kada araw sa loob ng isang taon. Nakopo niya rin ang Maharlika Investment Fund at maanomalyang AKAP. Ipinabasura niya pa ang walong kaso ng ninakaw-na-yaman ng mga Marcos na nagkakahalagang higit ₱202 bilyon. Bilyones ang tinakbuhan ni Marcos na *tax evasion case* habang makapal ang mukha na nagpasa ng mga batas na magdadagdag ng buwis na papasanin ng taumbayan.

Marapat ipagpatuloy ang pakikibaka ng bayan upang ibayong buklurin at palaparin ang alyansa laban sa burukrata kapitalistang estado na pinamumunuan ni Marcos Jr. Kumukulo ang galit ng sambayanan sa garapalang pagnanakaw ng mga burukrata kapitalista at paghahasik ng pasismo at terorismo para lamang makapanatili sa kapangyarihan. Gamitin itong pagkakataon upang palakasin ang rebolusyonaryong kilusang lihim na magsisilbing gulugod ng matatag at malapad na nagkakaisang prente laban sa mga Marcos at Duterte.

Walang maliw na ipanawagan ang karaingan ng bayan sa gitna ng labis na kahirapan at papalapit na sarswela na *midterm elections* sa ilalim ni Marcos Jr. Yanigin ng dambuhalang lakas ng sambayanan ang estado poder at isulong ang pakikibaka para sa tunay na pambansang demokrasya.

*TUGON*

TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

## Paano dapat suriin ang paparating na Midterm Elections 2025?

Tulad ng nakaraang mga eleksyon, ang darating na Midterm Elections 2025 ay nananatiling kontrolado ng imperyalismong US at laro ng mga papet na lokal na naghaharing uri para panatilihin ang mapang-aping sistemang panlipunan at makapanatili sa pwesto. Namamayagpag ang maruming sistema ng eleksyon na *guns, goons, gold* at ngayon ay dinagdagan pa ng *games/guile* (*black propaganda, trolls), glitches* (elektronikong dayaan sa COMELEC), *glitter* (paggamit ng mga *celebrity* tulad ng mga artista) at *greed* (pagkaganid sa kapangyarihan). Lansakang gagamitin ng mga reaksyunaryo ang mersenaryong AFP at PNP bilang mga pribadong hukbo at instrumento sa panggigipit at pandarahas sa mamamayan.

Ngayong eleksyon, naghain ang rehimeng Marcos II ng 11 kandidato sa ilalim ng "Alyansa ng Bagong Pilipinas" (ABP). Nagmula ang mga ito sa pinakamalalaking uring kumprador-panginoong maylupa at burukratang kapitalista at mga oportunista. Nakikinabang sila sa kasalukuyang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema. Sila ang mga kasabwat ni Marcos Jr. sa pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ng estado kagaya ng mababang pasahod, pangangamkam ng lupa, labis na importasyon na nangwawasak sa ekonomya ng bansa at nagpapataas ng presyo ng bilihin at huwad na proyektong pangkaunlaran na nangwawasak sa kapaligiran. Nakikikoro rin sila sa imperyalismong US sa plano nitong gamitin ang Pilipinas sa pakay nitong upatan ang gyera laban sa Tsina upang panatilihin ang hegemonya sa Asia Pacific.

Bilang produkto ng pinakagahamang dinastiyang pulitikal sa Pilipinas, hinayaan at ineengganyo ni Marcos Jr. ang pamamayagpag ng mga *"fat dynasties"*[1] sa kanyang rehimen. Nagkakaisa sila sa interes na pangangamkam ng yaman ng bayan sa pamamagitan ng korapsyon

at pribilehiyo para sa kanilang pamilya at mga burges-komprador na padrino. Tinitiyak ng mga burukrata-kapitalistang ito ang paghahari sa kani-kanilang lugar at garapalang ginawang negosyo ng pamilya ang paggugubyerno.

Sa pag-aaral, nasa 80% ng mga pandistritong kinatawan sa ika-19 Kongreso ng GRP ang kabilang sa mga dinastiyang pampulitika. Ito ang dahilan kung bakit hindi man lamang umaabante ang pagbabawal sa mga dinastiyang pampulitika sa kabila ng pagsusulong ng taumbayan at mga makabayang pulitiko. Hindi naman bababa sa 85% ng kabuuang lokal na pusisyon sa rehiyong TK ang deka-dekada nang pinaghaharian o impluwensyado ng mga ito.

Kopo ni Marcos Jr. ang pinakamalalaking partidong tatakbo sa darating na eleksyon sa ilalim ng Alyansa para sa Bagong Pilipinas. Sa alyansang ito nagsanib-pwersa ang kanyang Partido Federal ng Pilipinas, Lakas-CMD ni Martin Romualdez, Nacionalista Party (NP) ni Manny Villar, Nationalist People's Coalition (NPC) ni Ramon Ang at National Unity Party (NUP) ni Enrique Razon.

Dominado pa rin ng mga pampulitikang partido nina Villar, Razon at Ang ang mga lokal na pusisyon sa buong TK. Sadyang binubuhusan nila ng pondo ang reaksyunaryong eleksyon kapalit ng pagbibigay-laya sa kanila na dambungin ang likas na yaman ng rehiyon at tiyaking makatatakas sila sa kanilang mga pananagutan sa mamamayan. Nananatiling balwarte ng NPC ang Rizal sa pangunguna ng mga Ynares. Impluwensyado rin nito ang mapanlinlang na STAND UP Quezon ng mga Tan at Partido Pagbabago ng Palawan ng mga Alvarez. Impluwensyado naman ng NP ang Batangas, Romblon, at Marinduque. Samantala, pinangingibabawan ng NUP ang Cavite sa pamumuno ng mga Tolentino at ng Partido Magdalo ng mga Remulla. Nais naman




nitong pagharian ang Laguna sa pamamagitan ng mga Hernandez.

Napakalaki ng interes nina Villar, Razon at Ang sa pulitika ng rehiyon dahil sa kanilang bilyun-pisong mga proyekto. Noong 2024, inanunsyo ng mga Villar ang plano nilang ekspansyon ng Villar City mula Las Piñas City patungong Cavite at Batangas. Pag-aari naman ni Razon ang Ahunan Power Inc. na nasa likod ng *hydro powerplant* sa Pakil, Laguna. Siya rin ang nasa likod ng Wawa Pumped Storage Power Project sa Rizal. Hawak naman ng SMC ni Ramon Ang ang mga proyekto tulad ng konstruksyon ng SLEX *toll roads* na magkokonekta sa Quezon at Bikol gayundin ang grandyosong Batangas-Mindoro *bridge*. Kasalukuyan ding nakapailalim sa konstruksyon ang *greenfield interchange* sa Calamba, Laguna kung saan kasosyo ng SMC ang mga Ayala-Zobel. Sa mga lugar na saklaw ng mga proyektong ito nagaganap ang malawakang demolisyon sa mga maralitang komunidad at dislokasyon sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Samantala, krusyal para sa mga Marcos ang eleksyong 2025 upang tuluyang makonsolida ang kapangyarihan sa gitna ng pakikipag-agawan nito sa mga Duterte.

Sinasagpang ni Marcos Jr. ang pagkamuhi ngayon ng mamamayan sa mga Duterte mula sa mga kaso ng pamamaslang ni Rodrigo hanggang sa pangungurakot ni Sara na nagbunga ng kasong impeachment sa Kongreso.

Sa sunud-sunod na pag-atake ng gubyernong Marcos Jr. na nagpahina sa mga Duterte, maraming miyembro at impluwensyado ng PDP-Laban ang lumipat sa kampo ng mga Marcos. Tampok dito ang balimbing at kasalukuyang loro sa Kongreso ng mga Marcos-Romualdez na si Marikina Rep. Stella Quimbo. Sa rehiyong TK, bumaligtad sa mga Duterte at lumipat sa mga Marcos ang mga Alvarez ng Palawan, Tolentino ng Cavite, Velasco ng Marinduque, Riano ng Romblon at *team* TGT (Tarriela-Gadiano-Tayag) ng Occidental Mindoro. Nitong unang hati ng taon, sunud-sunod na naglipat-bakod papunta sa mga Marcos ang tatlo sa limang gubernador sa MIMAROPA. Ang mga Mandanas ng Batangas at *team* GSM ni Bonz Dolor ng Oriental Mindoro na lamang ang nananatiling miyembro ng PDP-Laban sa rehiyon.

Samantala, nakikinabang ang mga Marcos sa mga dilawan at oportunistang "oposisyon" tulad ng Akbayan Partylist at Risa Hontiveros na malakas na nag-iingay laban sa mga Duterte. Ginagamit din sila ng mga Marcos bilang instrumento ng estado sa pagpapalaganap ng propagandang anti-komunista, anti-mamamayan at Sinophobia at pinapaypayan ang isyu sa West Philippine Sea pabor sa planong gera sa Asia Pacific ng imperyalismong US. Subalit, tahimik naman ang mga ito sa usapin ng pagpapanagot sa mga Marcos para sa mga dati nilang kasalanan noong Martial Law at kasalukuyang rehimen ni Marcos Jr. Nagpapanggap silang tagapagsulong ng demokrasya ngunit tahimik sa terorismo ng estado at panunupil sa mga tinatawag nilang "maka-kaliwang" grupo gamit ang Anti-Terror Law at NTF-ELCAC.

Kongkretong halimbawa ng pagiging doble kara at trapo ng Akbayan ang karanasan ng mamamayan ng Quezon kung saan ibinenta ng una ang laban ng mga magsasaka sa *hacienda belt* sa Bondoc Peninsula. Sa simula, umaakto silang katuwang sa laban ng mga magsasaka ngunit sa huli'y naging tagapaglako ng pakikipagkompromiso sa mga PML-MBK na nangangamkam sa lupa.

Dahil grabe na ang pagkamuhi sa kabulukan ng gubyerno, nagpursige ang taumbayan na hamunin ang bulok na estado. May mga progresibong pwersa mula sa hanay ng batayang sektor na nangahas na tumakbo sa eleksyon at maging boses ng mamamayan. Inihahapag nila ang programa na tumutugon sa pambansa-demokratikong kahilingan ng mamamayan kagaya ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, pagtataas ng sahod, pagtatanggol sa karapatang pantao, pangangalaga sa kalikasan at abot-kayang serbisyong panlipunan.

Kahit na ang mga progresibong kandidato ay mula sa hanay ng magsasaka, manggagawa, maralita, kababaihan at maliliit na propesyunal, tinitingnan ito ng mga Marcos bilang mga tinik sa lalamunan. Matinding panggigipit, paninira at *red-tagging* ang tinatamo ng mga ito. Naiulat ang mga pandarahas sa kanilang mga boluntir, pagtatanggal ng kanilang materyales-pangkampanya at iba pa na pawang pinangungunahan ng mga pribadong goons ng reaksyunaryong pulitiko at AFP-PNP.

Dito pa lamang, kitang-kita nang tagibang ang laban sa eleksyon pabor sa mga kakampi, kapartido at kasapakat ng mayhawak ng estado-poder. Malaking hamon sa mamamayang Pilipino na magpursige na itambol ang kanilang boses ngayong panahon ng eleksyon at ilantad ang mga kasinungalingan at pagpapanggap ng mga tradisyunal na pulitiko. Malawakan at masiglang pakilusin ang masa bilang bisig at lakas ng kanilang kampanya para tunggaliin ang mga pakana ng mga reaksyunaryong partido na nakaasa sa salapi at karahasan para makakuha ng boto.

Kinikilala at ginagalang ng rebolusyonaryong kilusan ang kagustuhan ng mamamayan na lumahok sa eleksyon kahit pa malaon nang inilinaw na hindi lumalahok ang mga rebolusyonaryong pwersa sa eleksyon. Itinatakwil ng mga rebolusyonaryo ang burges na eleksyon dahil sa katangian nitong marumi, madaya at kontrolado ng imperyalismong US at naghaharing uri. Hindi ito magluluwal ng tunay na demokrasya para sa hinahangad ng bayan na pagbabago. Subalit, maaaring magkamit ang mamamayang Pilipino ng mga reporma para sa kanilang ganansya. Nasa interes ng mamamayan na pakilusin ang kanilang hanay para bantayan ang halalan at ipaglaban ang kanilang mga interes at kahingian.

Sa malayong tanaw at pagkakamit ng tunay na pagbabagong panlipunan, nararapat na magpursige ang mamamayang Pilipino sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang matatamo nilang mga tagumpay at pagsulong sa labanang elektoral ay makakapag-ambag sa pangkabuuan at sa mga susunod pang laban ng sambayanang Pilipino para sa lupa, kabuhayan, karapatan at kalayaan. Sa huli, dapat pagsilbihin ang paglakas ng pambansa demokratikong kilusan tungo sa pag-aambag sa armadong pakikibaka na sandata ng mamamayan sa pagbabagsak ng estado. Sa pagkawasak ng bulok, papet at pasistang estado, itatayo ang tunay na gubyernong kakatawan sa interes ng mamamayan. K

---


*1 fat dynasties*— popular na burgis na terminong ginagamit sa mga pamilyang may dalawa o higit pang kasapi na magkasabay na umookupa ng mga pusisyon sa gubyerno

BALITANG TO



# 19 kaswalti sa AFP sa anim na labanan sa Rizal at Mindoro

Katumbas ng maliit na platun o 19 kaswalti—10 patay at 9 na sugatan—ang natamo ng AFP sa anim na labanan sa Timog Katagalugan noong Pebrero. Apat sa mga labanan ay sa Mindoro habang dalawa sa Rizal. Sa naturang mga labanan, iniulat ng mga yunit ng BHB na wala silang natamong pinsala.




**Mindoro.** Binigo ng mga yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang mga umatakeng pwersa ng 203rd Brigade sa apat na aktibong depensa noong Pebrero 11, 15 at 19.

Sa dalawang labanan noong Pebrero 11, nagtamo ng hindi bababa sa 6 *killed-in-action* (KIA) ang mga pasistang AFP sa aktibong depensa ng BHB Mindoro. Bandang alas-6 ng umaga naganap ang labanan sa Sityo Kalinisan, Brgy. Bayutbot, San Jose Occidental Mindoro. Habang bago mag-alas-7 ng umaga ang labanan sa Sityo Tignoan, Brgy. Teresita, Mansalay Oriental Mindoro.

Naiulat naman ang dalawang KIA at siyam na sugatan sa hanay ng 4th IBPA at 203rd IBde sa Brgy. Budburan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 15, alas-9 ng umaga. Tumagal ang labanan ng higit 20 minuto.

Naganap ang pinakahuling labanan sa isla ng Mindoro noong Pebrero 19, bandang alas-10 ng umaga kung saan umuwing bigo ang 76th IBPA mula sa pagsalakay sa isang yunit ng LdGC sa Sityo Bakyaan, Brgy. Tagumpay, Pola. Dahil bigong lipulin ang yunit, nang-istraping ang berdugo sa Brgy. Tagumpay at Misong na sumira sa pananim ng mga residente.

**Rizal.** Nilabanan ng mga Pulang hukbo ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal ang 80th IBPA sa isang aktibong depensa noong Pebrero 16, ganap na 3:40 ng hapon sa Mt. Masalo, Brgy. Calawis, Antipolo City. Tumagal ang labanan ng 15 minuto.

Kinabukasan, inilunsad ng yunit ng NAAC ang matagumpay na taktikal na opensiba sa Sityo Tayabasan, Brgy. San Jose, Antipolo City kung saan isa ang KIA at dalawang militar ang nasugatan. Upang pagtakpan ang kahihiyan, nagsinungaling ang hepe ng 202nd IB na si Brig. Gen. Ronald Jess Alcudia at kumander ng 80th IBPA na si Lt. Col. Mark Anthony Ruby na wala umanong kaswalti sa kanilang panig. Pinasubalian ito ng mga residenteng nakasaksi sa inilabas na kaswalti ng pasistang pwersa mula sa kanilang barangay.. K

KILOS PROTESTA



# "Isabuhay ang diwa ng EDSA People Power!"

Ginunita ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang ika-39 taon ng EDSA People Power Revolution sa pamamagitan ng protesta. Tumungo ang daan-daang mamamayan mula TK sa Maynila noong Pebrero 25 upang manawagang "Isabuhay ang diwa ng EDSA People Power! Timog Katagalugan, magkaisa para panagutin at patalsikin ang mga Duterte, at singilin si Marcos Jr."

Nagkaroon din ng mga pagkilos sa mga eskwelahan sa Laguna, Cavite at Quezon. Samantala, nagkansela ng klase ang ilang pribadong paaralan sa TK at hinimok na lumahok ang mga estudyante sa mga protesta at aktibidad kaugnay ng anibersaryo ng EDSA.

Unang nangalampag ang delegasyon ng TK sa labas ng Camp Bagong Diwa. Nanawagan sila ng pagpapalaya ng mga detinidong pulitikal at kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Binasa nila ang mensahe ng mga detenidong pulitikal para sa kanilang mga tagasuporta. Nagtapos ang programa sa pag-aalay ng mga paper cranes at isang ibon na inukit mula sa kahoy bilang simbolo ng paghahanap ng kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.

Sa harap ng Camp Crame, tinalakay ng mga progresibo ang nagpapatuloy na kahirapan ng bayan 39 taon matapos ang EDSA. Pinatampok nila ang kahilingan para sa tunay na reporma sa lupa, pagtataas ng sahod at seguridad sa trabaho, pagtatanggol ng karapatang pantao at pagwawakas sa panunupil at militarisasyon sa buong rehiyon.




Ayon kay Charm Maranan ng Defend-ST, "Nakagagalit kung paanong niyuyurakan ng matinding militarisasyon, pang-aatake sa komunidad at lantarang panunupil ng estado ang pamumuhay ng mamamayan. Masugid na hinihiling ng taumbayan ang pananagutan sa pamamagitan ng pagpapatalsik kay Vice President Sara Duterte, kagaya ng nangyari sa pagpapatalsik sa diktador na si Marcos Sr. sa Pag-aalsang EDSA 39 taon na ang nakalipas."

Bilang pagtatapos, nanawagan ang delegasyon na isabuhay ng mamamayang Pilipino ang tunay na diwa ng People Power sa gitna ng lumalalang kahirapan, pasismo ng estado at pampulitikang kaguluhan. K

## Pakikiisa ng mamamayan ng TK sa panawagang "Duterte, Panagutin! Marcos, Singilin!"

Lumahok ang mamamayan ng Timog Katagalugan sa protestang bayan na sumisigaw ng "Duterte, Panagutin! Marcos, Singilin!" noong Enero 31. Lumuwas ang higit 400 delegasyon ng TK at sumanib sa 5,000 nagprotesta sa Liwasang Bonifacio sa Maynila. Daan-daan din ang nagprotesta sa mga sentrong bayan sa Cavite, Laguna at Rizal.

Kinondena sa protesta ang korapsyon ni Sara Duterte sa milyong pisong pondo ng Department of Education na nilustay sa loob lamang ng 11 araw. Siningil din nila si Ferdinand Marcos Jr. na nag-apruba sa maanomalyang ₱6.326 trilyon pambansang badyet. Ipinahayag ng mga aktibista ang kanilang pagkamuhi sa inilaang ₱4.56 bilyon sa *confidential and intelligence funds* (CIF) at ₱26 bilyon sa Ayuda para sa Kapos ang Kita Program (AKAP) na pawang bulnerable sa korapsyon. Ang pondong CIF ay malayang gamitin ni Marcos Jr. nang hindi kinakailangang i-*audit* habang para sa *pork barrel* at malamang gagamitin sa elektoral na kampanya sa *midterm elections* ng mga tradisyunal na pulitikong kasapakat ni Marcos Jr. ang pondo sa AKAP.






Ginunita rin sa kilos protesta ang mga paglabag sa karapatang tao kapwa sa nagdaang rehimeng Duterte at kasalukuyang rehimeng Marcos. Hustisya ang panawagan ng mamamayan para sa mga paglabag sa karapatang tao.

Ayon sa tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK) na si Lucky Oraller, "Kapwa dapat panagutin ang mga Marcos at Duterte sa pandarambong ng bilyun-bilyong pondo ng CIF. Walang pinag-iba si Marcos dahil ang kasalukuyang National Security Policy ay kahalintulad ng marahas at mapanupil na gera-kontra-iligal na droga ni Duterte."

Sa pagtatapos ng programa, nangako ang delegasyon ng TK sa pangunguna ng BAYAN-TK na patuloy nilang itutulak ang kasong *impeachment* ni Sara sa Kongreso at kasong krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo Duterte sa International Criminal Court.

"Hindi kami titigil hangga't hindi mapapanagot ang mga Marcos at Duterte sa kanilang mga krimen! Hangga't nananatiling nakatayo ang burukrata kapitalismo, sa pangunguna ng imperyalismo, lalaban kami!" dagdag ni Oraller.

*BALITA*

# *Fact-finding mission* sa Mindoro, tagumpay sa gitna ng militarisasyon

Naglunsad ng *fact-finding mission* (FFM) ang mga progresibong pwersa ng Timog Katagalugan sa pangunguna ng Karapatan-Southern Tagalog sa isla ng Mindoro mula Pebrero 23-Marso 1. Nilalayon ng FFM na alamin ang kalagayan ng masang Mangyan at magsasaka na biktima ng militarisasyon sa kanayunan lalo matapos ang sunud-sunod na labanan sa pagitan ng AFP at BHB sa isla noong Pebrero 11, 15 at 19.

Iniulat ng FFM ang samutsaring paglabag ng militar sa karapatang tao at internasyunal na makataong batas. Tampok dito ang pang-iistraping ng dalawa hanggang apat na *heligunship* ng 203rd Brigade sa Brgy. Tagumpay at Brgy. Misong, Pola, Oriental Mindoro. Kagyat na nagpatupad ang militar ng *lockdown*, pagtatayo ng mga tsekpoynt at *curfew* sa komunidad. Ginawang baraks ng berdugo ang eskwelahan kaya hindi nakapasok ang mga estudyante. Naiulat ang sapilitang paglikas at blokeyo sa pagkain. Habang nasa interyor na komunidad ang FFM, nagbanta ng pambobomba ang mga pasista.

Ganitong sitwasyon din ang inabot ng FFM sa Mansalay at Bulalacao kung saan nababalot ng takot at pangamba ang mga residente dulot ng panliligalig ng militar. Subalit hindi ito naging hadlang sa grupong naglunsad ng FFM. Patuloy sila sa pakikipanayam sa mga residente at naglunsad ng Basic Human Rights Orientation para ipabatid ang batayang karapatan bilang mamamayan at proteksyon sa pang-aatake ng militar.

Sa buong panahon ng FFM, hindi nilubayan ng mga paniktik at tauhan ng militar ang grupo. Noong Marso 1, sinaktan at hinaras ng dalawang tauhan ng paniktik ng militar ang tatlong kalahok ng FFM. Hinatak sa braso ng militar ang isang boluntir habang inambahan ng suntok ang dalawa pa. Nagtangka ang mga berdugo na batuhin ang tim. Kagyat na iniere ng grupo ng FFM ang pang-haharas sa *social media.*

Nagwakas ang FFM sa isang misa at *candle lighting ceremony* sa Sto. Niño Cathedral sa Calapan City noong Marso 1.




ARTISTA
AT
MANUNULAT
MAGLINGKOD
SA
BAYAN
DEFY
ISULONG ANG PAMBANSA, SIYENTIPIKO AT MAKAMASANG KULTURA!

ARMAS-TK